

Tulong sa Wika para sa mga Botante ng California

Lahat ng kailangan mong malaman upang makaboto sa Nobyembre 2020 na nakasalin sa Tagalog



Mabilis na tip!

Pumunta online sa <https://voterstatus.sos.ca.gov> upang i-update ang iyong nais gamitin na wika, o tumawag sa iyong tanggapan ng eleksyon. Kung mayroong mga naisalin na materyales para sa iyong lugar, ang mga ito ay ipapadala sa iyo sa koreo ng walang bayad.

Kung ikaw ay nakatira sa isa sa mga lalawigan na ito:

Contra Costa* (925) 335-7800	Placer (530) 886-5650	San Mateo (650) 312-5222
Fresno (559) 600-8683	Riverside (951) 486-7200	Santa Barbara (805) 568-2200 o (800) 722-8683
Kern (661) 868-3590 o (800) 452-8683	Sacramento (916) 875-6451	Solano (707) 784-6675 o (888) 933-8683
Kings (559) 852-4401	San Bernardino (909) 387-8300	Sonoma (707) 565-6800 o (800) 750-8683
Mariposa (209) 966-2007	San Francisco (415) 554-4375	Sutter (530) 822-7122
Monterey (831) 796-1499	San Joaquin (209) 468-8683	Tulare (559) 624-7300
Napa (707) 253-4321	San Luis Obispo (805) 781-5228	Ventura (805) 654-2664
Orange (714) 567-7600		

Kung ikaw ay boboto sa bahay: Depende kung saan ka nakatira, maaari kang makatanggap ng isang Tagalog “facsimile” na balota sa koreo. Ang balotang facsimile ay isang naisalin na halimbawa ng balota (hindi maaaring gamitin sa pagboto) na makakatulong sa iyo maintindihan at mapunan ang

iyong balotang nasa Ingles. Makipag-ugnayan sa tanggapan ng eleksyon sa iyong lalawigan upang humingi ng balotang facsimile o i-update ang iyong nais na wika sa <https://voterstatus.sos.ca.gov>.



Kung ikaw ay boboto ng personal: Ang tulong sa wika ay magdedepende sa kung saan ka nakarehistro upang bumoto. Kung mayroon ditong tulong sa Tagalog, magkakaroon ng isang naisalin na tanda at malinaw na nakapaskil na mga balotang “facsimile”. Mayroon dapat na mga kopya para madala mo ito sa puwesto ng botohan upang matulungan ka sa pagboto sa balotang nasa Ingles.

Kung ikaw ay nakatira sa isa sa mga lalawigan na ito:

Alameda (510) 272-6973	San Diego (858) 565-5800 o (800) 696-0136
Los Angeles (800) 815-2666	Santa Clara (408) 299-8683 o (866) 430-8683

Kung ikaw ay boboto sa bahay: Lahat ng materyales para sa eleksyon ay mayroon sa Tagalog, kabilang ang gabay sa impormasyon para sa mga botante at ang iyong balota. Makipag-ugnayan sa tanggapan ng eleksyon sa iyong lalawigan upang humingi ng naisalin na balota at mga materyales, o i-update ang iyong nais na wika sa <https://voterstatus.sos.ca.gov>.

Kung ikaw ay boboto ng personal: Lahat ng mga materyales sa eleksyon ay isasalin sa iyong lugar ng botohan o sentro ng botohan, kabilang ang mga balota na maaari mong gamitin sa pagboto.

Maaari kang gumamit ng tulong na berbal kung ikaw ay boboto ng personal:

Kung mayroong mga nagsasalita ng Tagalog na manggagawa sa botohan sa iyong lugar ng botohan o sentro ng botohan, dapat ay nakasuot sila ng **tsapa, laso o etiketa** na nagtutukoy ng mga wikang sinasalita nila. Mayroon din dapat na tanda na nagsasabi kung mayroon doon na nagsasalita ng Tagalog.

Maaari kang magdala ng hanggang sa dalawang kasama upang tulungan kang bumoto hangga’t sila ay hindi nagrerepresenta ng iyong amo o unyon. Magdala ng kapamilya o kaibigan!

Kung ikaw ay nakatira sa isang lalawigan na hindi nakalista sa itaas, wala ditong mga balotang nasa Tagalog.